# Mpox (monkeypox)

## Ang kailangan mong malaman


**Filipino** | Filipino

Ang mpox ay impeksyong mula sa virus na maaaring magsanhi ng singaw o mga sugat sa mga bahagi ng katawan.

Ito ay karaniwang kumakalat mula sa isang tao tungo sa ibang tao sa pamamagitan ng direktang balat-sa-balat na pagkontak sa isang taong may singaw o mga sugat. Maaari itong mangyari habang ikaw ay nakikipagtalik.

Maikakalat din ito sa pamamagitan ng direktang pagkontak sa mga kontaminadong bagay gaya ng mga gamit sa kama, tuwalya o damit, ngunit ito ay hindi masyadong karaniwan.

## Mga sintomas



Karamihan sa mga taong may mpox ay nagkakaroon ng mga singaw, tila-taghiyawat na mga sugat:

- Ang mga ito ay nangyayari saanman sa katawan, pati sa bahagi ng ari, puwit o pigi, o sa mukha, mga braso at binti.
- Nagbabago ang mga sugat at dumaraan sa iba't ibang yugto. Sa huling yugto, ito ay magiging langib.
- Ang ilang tao na may mpox ay maaaring makapuna lamang ng kaunting tila-taghiyawat na mga sugat sa bahagi ng ari o pigi.

Maaaring kabilang sa iba pang mga sintomas ang:




Lagnat



Pangingiki



Sakit ng ulo



Pananakit ng kalamnan at kasukasuan



Namamagang mga lymph node (kulani)

Ang mga sintomas ay karaniwang nagsisimula 7-14 na araw makaraang malantad, ngunit ito ay maaaring kasing-dali ng ilang araw o kasing-tagal ng 21 araw.

## Diyagnosis

Kung sa palagay mo ay mayroon kang mpox, makipag-usap sa isang GP o sa Canberra Sexual Health Clinic sa **(02) 5124 2184**.

Takpan ang anumang mga singaw o sugat at magsuot ng mask kung kailangan mong lumabas ng bahay, kabilang kung kailangan mong magpatingin sa isang propesyonal ng kalusugan.

Karamihan ng mga kaso ay banayad lang, ngunit mahalagang masuri ng propesyonal ng kalusugan ang sinumang may mga sintomas.

## Pagbabakuna

May makukuha na ngayong mga bakuna laban sa mpox sa mga sentro ng bakunahan na aprubado ng Pamahalaang ACT para sa:

- Sekswal na aktibong mga lalaking gay, bisexual, o nakikipagtalik sa ibang mga lalaki (cis at trans)
- mga partner ng mga taong nabanggit sa itaas
- mga sex worker.

Kung wala kang Medicare card, maaari ka pa ring bakunahan sa ilang mga sentro ng bakunahan.

Kailangan ng dalawang dosis ng bakuna na may pagitang 28 araw man lamang para maging lubos na bakunado.

Kahit na bakunado, mahalaga pa ring gumawa ng mga hakbang upang bawasan ang iyong panganib ng pagkalantad o pagkalat ng mpox dahil may panganib pa rin ng impeksyon matapos mabakunahan.

## Pag-iskedyul ng pagbabakuna

Ang mga lokasyon at detalye ng pagkontak para sa mga sentro ng bakunahan ay nasa **www.health.act.gov.au/mpox**